

# Antolohiya ng mga Piling Alamat ng Bohol

Rosemarie T. Galbo, EdD<sup>1</sup>, Rowena C. Largo, EdD<sup>2</sup>  
Bohol Island State University<sup>1</sup>, Cebu Normal University<sup>2</sup>  
rosemariegabo@gmail.com<sup>1</sup>, wenz\_largo@yahoo.com<sup>2</sup>

Asia Pacific Journal  
of Management and  
Sustainable Development  
Vol. 9 No. 2, 31-42  
October 2021 Part III  
ISSN 2782-8557 (Print)

*Date Received: September 8, 2021; Date Revised: October 31, 2021*

**Abstract-** *This research is intended to collect and analyze the selected folklores from Bohol that focuses the origin, imagery and culture. The study is anchored in the qualitative design technique through content analysis and using the purposive sampling in collecting responses. It was found out that the origin of the folklore was based on the name of trees, plants, name after from the owners or residents and churches, experiences in the events, characteristics or movements of water and things. In imagery it was categorized according to trees or plants, things, movement of the water, natural resources, human and other creations, melody and animals. The meaning was also categorized based on the contributions from human, human nature, and the relationship of man and his experiences and status. It was also known that there are cultures and it was categorized according to way of living, interrelationship and practices. It indicates that the selected folklores from Bohol are effective way as local instructional materials in teaching literature to share awareness and for the students to value the analyzed folklores to help the people in the community to promote its own identity.*

**Keywords:** *anthology, folklore, origin, imagery, culture*

**Abstrak-** *Ang pananaliksik na ito ay pangngalap at pagsusuri ng mga piling alamat ng Bohol na nakatuon sa pinagmulan, imahe, at kultura. Gumamit ito ng pamamaraang kwalitatibong disenyo ng pananaliksik na content analisis at purposive sampling sa pagkuha ng tagatugon. Natuklasan na ang pinagmulan ng mga alamat ay naikakategorya ayon sa pangalan ng puno o halaman, nakapangalan sa may-ari o nakatira at simbahan, karanasan sa pangyayari, katangian o galaw ng tubig at kagamitan o bagay. Sa imahe, naikakategorya sa puno o halaman, bagay, galaw ng tubig, likas-yaman, tao at ibang nilalang, himig at hayop. Ang kahulugan nito ay naikakategorya ayon sa ambag ng tao, katangian ng tao, ugnayan ng tao at karanasan at kalagayan ng tao. Natuklasan din na may mga kultura at naikakategorya ayon sa pamumuhay, pakikitungo sa kapwa, at mga nakaugalian. Nagsasaad na kongklusyon na ang mga piling alamat ng Bohol ay mabisang gamitin bilang kagamitang lokal sa pagtuturo ng panitikan upang maibahagi sa kamalayan at mapahalagahan ng mga estudyante ang mga nasuring mga alamat na makatutulong sa mga tao ng isang lipunan na maiangat ang sarili nitong pagkakakilanlan.*

**Susing-salita:** *antolohiya alamat, pinagmulan, imahe, kultura*

## INTRODUKSIYON

Sa pagtuntong ng ika-21 siglo, isang napakalaking hamon sa mga guro ang pagbabago ng kurikulum sa sistema ng edukasyon sa Pilipinas, ang K to 12 Curriculum. Isa na rito ang paggamit sa bagong dulog ng pagtuturo ang kontekstwalisasyon at lokalisasyon sa mga paksa sa iba't ibang asignatura tulad ng pagtuturo sa panitikan. Ito ang

pangangailangan sa larangan ng edukasyon na kailangang tugunan sa pamamagitan ng isang produktibong pananaliksik ukol sa suliraning ito. Ang paglalapat ng isang pagtuturong kontekstwalisado at lokalisadong mga akdang pampanitikan sa Filipino ay matugunan sa pamamagitan ng pangangalap ng mga lokal na mga akda na magagamit ng mga guro at estudyante sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto. Isang

tugon sa suliraning ito ay ang pangangalap ng mga piling alamat ng Bohol na makatutulong upang magkaroon ng mga resorses sa pagtuturo.

Ang probinsya ng Bohol na kakikitaan ng adbentahe na bigyang-tuon na galugarin ang panitikan ng mga Bol-anon gaya ng alamat. Ang uri ng panitikan na sumasalamatin at nakamarka ang kultura, kaugalian, pamumuhay, paniniwala, at ideolohiya na humuhulma sa pagkatao ng mga Bol-anon bilang isang lahi ng mga Pilipino na may sariling angkan na pinanggalingan. Ang mga panitikang ito ay nanatiling salin-dila at naririnig lamang nga mga bagong henerasyon na kung hindi pagyamanin mananatili itong isang tigang na panitikan. Ito na ang tamang panahon upang maiangat ang panitikang ito dahil sa mahalagang pangangailangan sa larangan ng edukasyon na makatutulong ng malaki sa mga guro at estudyante. Ang folklor ay karaniwang nagpasalin-salin sa bibig ng tao. Ang oral na tradisyon ay kadalasang makikita sa mga katutubong tribo na makikita sa Pilipinas [1]. Sa sinasabi ni Eslit, [1] mapatutunayan na ito ay naipapasa na sa ibang henerasyon na maaaring pinag-uugatan ng iba't ibang lahi na naninirahan sa mga komunidad ng Pilipinas at kabilang na rito ang mga alamat na matatagpuan sa mga piling lungsod Bohol. Sa kabila ng modernisasyon at mabilisang takbo ng teknolohiya, maaaninag pa rin na may mga nakatagong mga oral na tradisyon ang mga Pilipino.

Batay sa mga obserbasyong ito, kinakailangan maimpok at maipreserba ang mga piling alamat ng Bohol upang maunawaan at maibahagi sa mga estudyante ang konteksto ng mga akdang nakalap at maiugnay ito sa lokal na sitwasyon kung saan nagmula ang isang estudyante. Ninanais sa pag-aaral sa naisagawang pagsusuri na nakatuon sa pinagmulan, imahe at kultura na masusuri sa mga alamat na makakalap na magagamit hindi lamang sa preserbasyon bagkus pagkilala at pagtangkilik at pagpapalaganap ng sariling yaman ng panitikan ng Bohol.

#### **LAYUNIN NG PAG-AARAL**

Ang pangkalahatang layunin ng pag-aaral ay masipat at masuri ang mga piling alamat ng Bohol.

Tinitiyak nito na masagot ang sumusunod; pinagmulan, imahe at kultura.

#### **METODOLOHIYA**

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng pamamaraang kwalitatibong disenyo ng pananaliksik. Ang mga datos ay itinatala at binigyang interpretasyon gamit ang non-numerical na pamaraan. Ito ay isang content analysis na isang paraan ng pag-aaral kung saan sinipat at sinuri sa sistematikong paraan ang mga nakalap na teksto na mga piling alamat ng probinsya ng Bohol. Nauugnay sa paraang ito ang sistematik na pagbabasa at obserbasyon sa teksto batay sa koda upang mabigyang indikasyon ang pagkakaroon ng interesado at makahulugang mga salita o parirala na napapaloob sa teksto. Sa sistematikong pagbibigay-koda sa mga set ng teksto, inaanalisa ito ng mananaliksik upang masagutan ang mga tiyak na suliranin. Ang purposive sampling ang ginamit sa pagkuha ng mga tagatugon. Pinipili ng mananaliksik ang mga tagatugon na may sapat na kaalaman sa mga alamat na matatagpuan sa kanilang lugar at masasagutan ang mga suliranin ng pananaliksik na ito.

Sa pangangalap ng mga datos sa pananaliksik na ito, sinusunod ang sistematiko at tamang pamamaraan upang maging balido at kapani-paniwala ang mga datos na makakalap.

Una, naghanda ang mananaliksik ng mga liham upang humingi ng pahintulot sa alkalde at kapitan ng mga napiling lungsod ng Bohol. Humingi rin ang mananaliksik ng listahan ng mga tagatugon na kakapanayamin. Pagkatapos nabigyan ng pahintulot ang mananaliksik, isinagawa ang pakikipanayam sa tagatugon na walang pamimilit at may buong galang. Gumamit ang mananaliksik ng isang audio-tape upang mairekord ang mga kasagutan ng tagatugon sa ginawang pakikipanayam at siniguradong maging konpedensyal ang lahat ng impormasyong naibigay ng mga tagatugon.

Pangalawa, pagkatapos ng pakikipanayam sa mga tagatugon, isinagawa ng mananaliksik ang transkripsyon sa nairekord na impormasyon mula sa audio-tape. Isinalin ito sa paraang pakwento at sinuri ng mananaliksik na naayon sa mga binigyang-pokus sa

pag-aaral. Maliban sa ibinahagi ng mga tagatugon, ginamit ng mananaliksik ang mga dokumento na nakalap at naibigay ng tagapangasiwa ng lungsod na makatutulong sa pananaliksik.

Pangatlo, upang maiayos ang mga datos na nakalap isinasagawa ang pagkokoda batay sa mga nakalap na datos. Ang pagkokoda ay nabuo ayon sa paghimay-himay ng mga salita na nagkakaugnay. Sa pagkokoda ng pinagmulan, hinimay-himay ang mga pahayag ng mga tagatugon at kinuha ang mga salitang may kaugnayan sa kaligiran ng alamat na naikakategorya ang mga ito bilang pinagmulan ng pagkabuo ng mga pangalan. Naikategorya rin ang kaisipan sa pagkokoda sa pamamagitan ng paghahango ng mga pinapaksa ng lahat ng alamat. Ang salitang imahe naman ang nabuong kategorya sa pagkokoda. Ito ay nagmula sa pag-iisa-isa ng mga pahayag ng tagatugon at naipapangkat ang mga salitang nagsasaad ng larawan na may tuwiran at di-tuwirang pagpapakahulugan. Naihango naman sa mga naisaad ng mga tagatugon ang pagkokoda ng salitang kultura. Sinusuri ang mga salitang nagmula sa mga pahayag at nagpapakita ito ng mga kalinangan, kaugalian, pamumuhay, gawi at iba pa na maituturing na mga kultura. Naikategorya rin sa pagkokoda ang pagpapahalagang moral sa pamamagitan ng pagpapangkat ng mga salita na karaniwang nagpapakita ng mga kagandahang-asal na maituturing na pagpapahalagang moral.

Panghuli, sinipat at sinuri ang lahat ng nakalap na alamat batay sa mga tiyak na suliranin at nakabuo

ang mananaliksik ng pinagyamang silabus at mga lipon-salin ng mga piling alamat ng Probinsya ng Bohol na naging awtput ng pananaliksik. Nagkaroon ng ebalwasyon sa mga akdang alamat na nakalap at nabuo ng mananaliksik mula sa mga eksperto ng Binol-anong Binisaya at sa Wikang Filipino upang maging balido ang pananaliksik.

**ETIKAL NA KONSIDERASYON**

Ang pananaliksik na ito ay idinadaan sa pagsusuri, ebalwasyon at balidasyon ng mga dalubhasa upang matiyak ang integridad at kalidad nito. Isinasagawa ang kabuuang proseso ng pananaliksik na may buong katapatan sa paglalahad ng mga pamamaraan at datos na ginamit sa pagbuo ng pag-aaral. Iniiwasan sa pag-aaral na ito ang anumang datos na gawa mula sa paglalahad ng datos at ang kabuuang natuklasan nito. Isinasaalang-alang ang pagsunod sa kasunduan at kilos sa pagsasagawa ng pananaliksik upang maisakatuparan ito ng may katapatan. Sinusunod at inaayon din ng pananaliksik na ito sa mga batas at regulasyon na ipinapatupad sa anumang gawaing pananaliksik.

**RESULTA AT PAGTATALAKAY**

Matutunghayan sa bahaging ito ang resulta sa ginawang pagsusuri.

**Pinagmulan**

Makikita sa talahanayan 1 ang pinagmulan ng mga piling alamat ng Bohol. Ito ay ang pinanggalingan ng pangalan ng lugar bagay, pook at mga pangyayari.

**Talahanayan 1 Pinagmulan**

Alamat	Kategorya ng Kaligiran	Tagatugon
	Puno/ Halaman	
<b>Lungsod ng Catigbian</b>	halamang “katigbi”	<p><b>Tagatugon 1:</b> <i>Naa man guy sapa anang Katigbian unja ang tanom ana daghan siya ug Katigbi.</i></p> <p><b>Tagatugon 2:</b> <i>“Tungod na sa katigbi..o tanom..”</i></p>
<b>Barangay Bool</b>	sa punong “boow”	<p><b>Tagatugon 1:</b> <i>Bool gikan sa bo-ow kay kuno ang mga Kastila maglisud sa letra nga “w” mao na napulihan og “l”.</i></p> <p><b>Tagatugon 2:</b> <i>“Nakaingun siya nga ang pangutana sa Kastila, unsa ang ngalan sa punoan nga iyang gitudlo mao nga nitubag ang laki og “bo-ow”.Mao nga ginganlan ning Bool kay sauna gituohan sa mga tawo nga ang mga Kastila maglisud ug lituk og “w” mao kunu napulihan kinig “l” og nahimong Bool.”</i></p>

## Galbo at Largo, Antolohiya ng mga Piling Alamat ng Bohol

<b>Barangay Haguilanan</b>	punong bangkal	<p><b>Tagatugon 1:</b> <i>“Ang mga kabangkalan nga kahoy gipangputol na. Ang nahabilin naa mao ra na. Naa pod gagmay pa nitubo. Bangkaw na siya mao na siya... Ang bangkal himoong poste.”</i></p> <p><b>Tagatugon 2:</b> <i>The Bangcal tree are hard trees used for post and for building materials. At first, the barrio was named Cabangcalan derived from post and later on was changed to Cahiligian. But the old, educated people of the barrio thought of changing the name Cahiligian to Haguilanan</i></p>
<b>Barangay Manga</b>	puno ng manga	<p><b>Tagatugon 1:</b> <i>Sa dagat didto dunay duha ka punuan sa manga. Dako nga punuan mao toy trade center nila.”</i></p> <p><b>Tagatugon 2:</b> <i>Sauna makit-an ang dakong kahoy ug mao tong mao ang gipangan sa mga tawo. Sukad sauna, Manga na ang ngalan ug ipangalan sa distrito.”</i></p>
<b>Barangay Mansasa</b>	kawayang sasa	<p><b>Tagatugon 1:</b> <i>Naay usa ka Kastila nga nidung sa among barangay. Unya nangutana siya sa usa ka laki nga taga ani kung nasay pangan sa among lugar pero wala man kasabot ang maong gipangutan-an tungod sa laing pinulungan niini. Abi niya nga ang gipangutana sa Kastila kung unsay iyang gihimo, maong iyang gitubag “nagsasa”. Kay adtong tungura nagama man siya ug bungbong sa ilang balay na hinimo sa kawayan na ang tawag “sasa”. Ang nadunggan sa Kastila “mansasa” pero ang tubag jud sa laki nga taga ani “nagsasa” maong hangtod karon Mansasa na ang tawag aning barangay namo.”</i></p> <p><b>Tagatugon 2:</b> <i>“Usa ka adlaw, naay tawo nga nidung ani unya nangutana kung unsa ang pangalan aning lugara unya nitubag pod ang nitibo ug “sasa” kay nagsasa man siya ug kawayan adto. Sa kadugayan, nahimong “Mansasa” na ang tawag sa among barangay.</i></p>
<b>Sityo Suwaan</b>	Suwa	<p><b>Tagatugon 1:</b> <i>Kanang suwa buongon man na kung tan-awon ang bunga. Unya kadtong mangaligo nga tiguwang ana ra pod musungkit ilang ipares man na nila sa tuno sa lubi sa suwa nga gikuskos sa nadugay na mao gitawag na na nila ug “Asa man mo? Adtong tubig sa suwaan.”, kay naa may suwa mao ra gud na akong nahibaw-an ana.”</i></p> <p><b>Tagatugon 2:</b> <i>“Pero sa akong nahibaw-an nga mao ni gitawag ug suwaan kay nay dakong suwa duol anang kuhaanan sa tubig.”</i></p>
<b>Nakapangalan sa May-ari/ Nakatira/ Simbahan</b>		
<b>Kweba ni Andoy</b>	Nong Andoy, may-ari ng lupa	<p><b>Tagatugon 1:</b> <i>“Tag-iyá sa yuta is si Nong Andoy unya mananambal pod ni siya. Murag ana siya mangayo ug power. Ana siya mokuha ug mga power. Unja ug before siya manambal mosud kuno pod siya didto ja pagkahuman pod mosud na pod siya didto adto siya mangadje.”</i></p> <p><b>Hango sa dokumento:</b> <i>“The place is locally known in local dialect as Langob ni Andoy (Cave of Andoy).</i></p>
<b>Kweba ni San Jose</b>	St. Joseph Cathedral	<p><b>Tagatugon 1:</b> <i>“The name San Jose Cave is after the St. Joseph Cathedral in downtown Tagbilaran is further affirmed by the presence of a rock formation a meter above the cave ground located right after entering the cave that resem”bles the bowl used to contain holy water in Catholic churches.</i></p>
<b>Kasili ng Kweba ni Mesias</b>	Mesias, matandang nakatira sa kweba	<p><b>Tagatugon 1:</b> <i>“Ang ngan ana Mesias Cave. Kanang Mesias sauna karaang taw na.... Mesias man ngan adtong tiguwang.</i></p> <p><b>Tagatugon 2:</b> <i>“Ang ngan anang langob kung asa makit-an ng mga kasili Mesias Cave kay tungod kay nay tiguwang nga nagpuyo ana. Kanang langob na iyang gihimong bay kay iyaha man pod ng yuta.”</i></p>
<b>Bundok ni Elly</b>	Mag Eli, ermitanyong nakatira sa kweba ng bundok	<p><b>Tagatugon 1:</b> <i>“The hill’s name was taken from Mag Eli, a hermit who once lived inside San Jose Cave, located in the hill’s northeastern slope He owned a fine set of chinaware.”</i></p>

Mahalaga sa pagsusuri ang matiyak ang pinagmulan ng isang alamat upang maipagpatuloy ang malalim na pagsusuri sa mga oral na literatura. Makikita sa Mendoza [2], ang kahulugan ng pinagmulan ay ang pinanggalingan, sors, orihen o ang panahon kung kailan nagsimula ang mga bagay-bagay. Sa pagapakahulugan naman ng kay Calderon [3], ang pinagmulan ay ang pasimula, ugat at pinagbuhatan ng mga bagay-bagay. Dagdag pa ni Blake [4], sa kanyang pagpapakahulugan naman ang salitang pinagmulan ay pinagbuhatan ng isang bagay.

Ang Lungsod ng Catigbian na tinatawag noon na San Jacinto kung saan makikita ang kasaganaan ng mga tanim at isa na rito ay ang halamang “katigbi” na tumubo sa paligid ng ilog na malapit sa burol ng Bunhayag. Hindi lamang sa paligid ng ilog makikita ang halamang ito, makikita rin ito saan mang bahagi ng lugar ng Catigbian. Ito ay maihahalintulad ng halamang mais na kulay luntian ngunit mas maliit ang mga dahon nito at bilog-bilog din ang bunga na kulay berde rin at kung nahihinog ito ay magiging kulay itim na maaaring gawing rosaryo na ginagamit ng manampalatayang katoliko at ang iba naman ay ginawang palamuti sa katawan tulad ng pulseras at mga hikaw. Napagpasyahan ng mga tao na ang “katigbi” ang paghahanguan ng pangalan ng Lungsod ng Catigbian. Ito ang naging simbolo ng lugar kaya ipinapakita ito tuwing magdiriwang ng “Foundation Day” . Hinihikayat din ang mga tao noon na naninirahan sa lungsod na magtanim ng mga “katigbi” bilang pagpapahalaga sa naging simbolo ng lugar. Ginagamit din itong gamot ng iilan sa mga nakakaalam sa gamit nito. Sa alamat ng Barangay Bool, nagsimula ang pangalan ng barangay sa isang punongkahoy na “bo-ow” dahil sa isang sitwasyon na ang isang dayuhang Kastila ay nagtatanong sa katutubo ng pangalan ng lugar na nakaturo at inakala ng katutubo na ang tinatanong ng Kastila ay ang tinuturong malaking punong “bo-ow” kaya sinagot ito agad ng katutubo na “bo-ow” at kaya ito ang binigkas ng dayuhan ng “bo-ol”. Pinaniniwalaan na ang mga Kastila ay nahahirapan sa pagbigkas ng titik “w” kaya ang salitang bo-ow ay naging bool. Ito ang naging dahilan kung bakit ito ang naging pangalan ng

lugar. Ang Barangay Haguilanan ay hinango sa punongkahoy na “bangkal” kung saan marami ang makikita sa lugar noon kaya tinatawag itong “Cabangcalan” na naging unang pangalan ng barangay. Ang punong bangkal ay karaniwang ginagamit na poste sa pagpapatayo ng bahay na tinatawag sa taal na salita na “haligi”. Binago na naman ang pangalang Cabangcalan ayon sa gamit ng punong ito kaya tinatawag itong “Cahaligian” ngunit hindi pa rin nasisiyahan ang mga residente rito sa nabuong pangalan kaya nagkasundo ang mga matatandang may sapat na kaalaman na mga katutubong naninirahan sa lugar na gawing “Haguilanan” ang pangalan ng lugar dahil maganda itong pakinggan at mas madali itong bigkasin. Ang pangalan naman ng Barangay Manga ay nabuo dahil lamang sa dalawang punong manga na lantarang makikita sa dalisdis na bahagi malapit sa daungan. Ang lugar ay tinaguriang sentro ng kalakalan at sa lilim ng dalawang puno ng manga nagaganap ang pagpapalitan ng mga produkto ng mga tao mula sa iba’t ibang lugar. Naging bukambibig ng mga tao ang salitang “manga” kaya ito ang dahilan kung bakit tinatawag ang lugar na Barangay Manga. Nabuo ang pangalan ng Barangay Mansasa mula sa pagtatanong ng isang opisyal na Kastila sa pangalan ng lugar ngunit inakala rin ng katutubo na ang tinatanong nito ay may kinalaman sa kasalukuyang ginagawa ng katutubo kaya sinagot ito na “magsasa” na isang paraan na paggawa ng dingding ng bahay na yari sa kawayang “sasa”. Binigkas naman ito ng Kastilang opisyal na “mansasa”. Ito ang nasunod ng mga tao sa lugar hanggang sa kasalukuyan kaya tinawag ang lugar na Barangay Mansasa. Nabuo naman ang pangalan ng Sityo Suwaan dahil sa saganang tanim na punong dayap na tumubo sa tubigan na may bunga na isang hugis bilog at mabangong bunga ng halamang “suwa” o dayap. Ang suwa ay ginagamit ng mga kababaihan sa pagligo upang kumintab at lumabot ang mga buhok nito. Ang suwa ay kinukuskos at inihalo sa gata ng niyog. Ito ang dinadadala ng mga babae sa pagligo sa isang pinagkukunan ng tubig kung saan naliligo at naglalaba ang mga naninirahan sa lugar na ito. Ang mga buto ng mga “suwa” ay itinapon lamang malapit sa tubigan kaya tumubo at dumami ito sa lugar kaya ito na ang

pangalan na binabanggit ng mga tao at naipangalan ng lugar na ito ang “Sityo Suwaan”. Ang pangalan ng Kweba ni Andoy ay kinuha ayon sa pangalan ng may-ari ng lupa kung saan makikita ang kweba. Pinaniniwalaan din na sa kwebang ito nanggaling ang kanyang kapangyarihan kaya dito rin isinasagawa ang kanyang mga ritwal bago ito manggagamot araw-araw at tinatawag itong “Langob ni Andoy (Kweba ni Andoy). Ang Kweba ni San Jose naman naman ay ipinangalan sa simbahang Katoliko na St. Joseph Cathedral. Naipangalan nito ang pangalan ng simbahan sapagkat makikita sa loob ng kweba na ito may pagkakahawig ng isang simbahan at maging ang makikitang hugis-mangkok ay maihalalintulad sa sisidlan ng banal na tubig ng mga simbahang Katoliko dahil nagkakalaman din ito ng tubig lalo na kung umuulan. Ang Kweba ni Mesias ay ipinangalan din sa pangalan ng may-ari ng lupa na si Mesias at dito rin ang naging tirahan ng matandang may-ari noon. Ang kwebang ito ay maaari talagang gawing tirahan sapagkat napakaluwang sa loob na sinlaki ng simbahan at may tubig sa loob na magagamit sa lahat ng gawain. Sa kwebang ito, nagsimula ang kwento ng pagiging misteryoso ng mga “kasili” (igat) na dumarami dahil sa taglay na kwento na kung sino man ang kukuha ng mga ito ay mamamatay. Ang pangalan ng Bundok ni Elly ay hinango ang pangalan ni Mang Eli na isang matandang

ermitanyo na naninirahan noon sa Kweba ni San Jose na makikita sa nasabing bundok. Mailalarawan si Mang Eli na isang mabait na ermitanyong nagpapahiram ng kanyang magagandang kagamitan sa mga taong naninirahan malapit sa lugar tulad ng mga pinggan sa tuwing magkakaroon ng mga mahahalagang okasyon. Ang kaligiran ng pagkabuo ng mga alamat na ito ay nahango sa mga makikita sa paligid tulad ng mga pangalan ng halaman at puno, simbahan, pangalan ng taong nagmamay-ari o nakatira sa lugar, mayroon ding naaayon sa karanasan sa mga pangyayari ng mga tao sa nasabing lugar, ito man ay misteryoso o mahiwang pangyayari o maging bunga ng mga suliraning kinakaharap ng tao at ang lugar na pinagganapan mismo ng mga pangyayari na hindi maiwaglit sa isipan ng mga taong nakaranas nito.

**Imahe**

Makikita sa talahanayan 2 ang mg imahe. Ito ay sumisimbolo sa isang konkreto at abstraktong ideya at pagpapakahulugan mula sa mga salitang ginamit sa paglalarawan sa mga pangyayari at karanasan na nailahad sa kwento ng alamat na nakatutulong upang mas maging malinaw at masining ang kwento at maipakita ang larawang-diwa at imahinasyo ng taong magbabasa sa kwento.

**Talahanayan 2 Imahe**

Alamat	Kategorya ng Larawan	Tagatugon
	Puno/ Halaman	
<b>Lungsod ng Catigbian</b>	Halamang Katigbi (Gamit o naiambag sa tao)	<p><b>Tagatugon 1:</b> <i>“Naa man guy sapa anang Katigbian unja ang tanom ana daghan siya ug Katigbi. Tanom nga Katigbi. Kakita ka ug katigbi? Kadto bang katigbi nga mahimo ra gani himoon na nga ijang bunga nga himoon ug rosaryohan...”</i></p> <p><b>Tagatugon 2:</b> <i>“Tungod na sa katigbi..o tanom..Mura bitaw na ug kanang gam.on ug rosaryohan..kung mo research ka ana sa lungsod naa..Labi na to si Mayor _____ mahilig jud to siya ug mga ing-ana. Maga foundation sa Catigbian..kanang naa jud na. Katigbi naa sus ipresent jud na tanan di jud hingkalmantan.</i></p>
<b>Barangay Bool</b>	Punong B-ow (Pagdadamay an ng bawat isa)	<p><b>Tagatugon 1:</b> <i>“Sulod sa dugay na nga panahon, adunay mga mananakop nga Kastila ang niabot dinhi niining barangay. Nangutana sila sa usa ka nitibo ug unsay ngalanani nga lugar, tungod kay wala sila nagkasinabot kay kinatsila man lagi wa kasabot ang nitibo.”</i></p> <p><b>Tagatugon 2:</b> <i>“Hangtud nga niabot ang mga Kastila, usa kanila nagutana ug unsay ngalan ani nga barangay. Ang tawo nga taga-diri, wala kasabot sa mga gisulti sa Kastila kay lagi lahi mag lengwahe.</i></p>

## Galbo at Largo, Antolohiya ng mga Piling Alamat ng Bohol

<b>Barangay Haguilanan</b>	Punong Bangkal (Katatagan)	<b>Tagatugon 1:</b> <i>“Ang bangkal himoong poste. Pero saunang panahon sa mga katiguwangan mao gud na ilang gigamit. Daghan ug gamiton sa paghimo ug balay, ibungbong, mga materyales sa bay mao jud na gamiton ng bangkaw.”</i>
<b>Barangay Manga</b>	Puno ng Manga (Pagkakaugnaan)	<b>Tagatugon 1:</b> <i>“Sa akong pagpuyo diri, ang akong nahibaloan, naay mga Kastila na mianhi diri sa Manga kay makipagbaylo og mga produkto nga naa diri sa among lugar.”</i> <b>Tagatugon 2:</b> <i>“...ang una nga gihimo ng tapukanan sa mga tawo ang trade center nga dapit sa baybay, sa dagat didto dunay duha ka punuan nga manga, dakong punuan mao toy trade center nila...”</i>
<b>Barangay Mansasa</b>	Kawayang Sa-sa (Proteksyon at desenteng pamumuhay)	<b>Tagatugon 1:</b> <i>“Kay adtong tungura nagama man siya og bungbong sa ilang balay na hinimo sa kawayan na ang tawag “sa-sa”.”</i> <b>Tagatugon 3:</b> <i>“Halos sa mga balay ginama sa kawayan ug nipa. Ang kadalasang panginabuhi sa mga tawo mao ang pagtanom, pangisda ug pakigbayloanay sa mga produktong hinimo sa kawayan na ang tawag sa-sa. Daghang punuan man gud sauna unya maoy panginabuhi sa mga tawo sa barangay ang pagsasa.”</i>
<b>Sityo Suwaan</b>	Suwa (Kapayakan ng buhay) Likas na yaman	<b>Tagatugon 1:</b> <i>Unya kadtong mangaligo nga tiguwang ana ra pod musungkit ilang ipares man na nila sa tuno sa lubi sa suwa nga gikuskos... sa nadugay na mao gitawag na na nila ug “Asa man mo? Adtong tubig sa suwaan.”, kay naa may suwa mao ra gud na akong nahibaw-an ana.”</i> <b>Tagatugon 2:</b> <i>“Sauna gyud ana mi mangawos ug mangaligo sa Suwaan...Gitawag na man na daan ug suwaan.”</i>
	<b>Tao at Ibang Nilalang</b>	
<b>Kweba ni Andoy</b>	Mang Andoy (Tagapangalaga)	<b>Tagatugon 1:</b> <i>“Tag-iya sa yuta is si Nong Andoy unya mananambal pod ni siya. Murag ana siya mangayo ug power. Ana siya mokuha ug mga power. Unja ug before siya manambal mosud kuno pod siya didto ja pagkahuman pod mosud na pod siya didto adto siya mangadje.”</i> <b>Hango sa dokumento:</b> <i>“The place is locally known in local dialect as Langob ni Andoy (Cave of Andoy). The place long time ago is used by the barangay folk as a place where they have to take a bath and fetch water for household consumptions as there was a scarcity of water in the aforesaid barangay... A well protected place as it is properly supervised by the lot owner.”</i>
	<b>Bagay</b>	
<b>Kweba ni San Jose</b>	Hugis-mangkok (Kagandaha)	<b>Tagatugon 1:</b> <i>“The name San Jose Cave after the St. Joseph Cathedral in downtown Tagbilaran is further affirmed by the presence of a rock formation a meter above the cave ground located right after entering the cave that resembles a bowl use to contain holy water in Catholic churches. Moreover, folks said that there was atime that during the rainy season, the bowl contains clear water very slowly dripping from the cave ceiling.”</i>
	<b>Likas Yaman</b>	
<b>Kasili ng Kweba ni Mesias</b>	Kasili (Paggalang at Pangangalaga)	<b>Tagatugon 1:</b> <i>“ Ang kasile isdang tab-ang gagmay’g mat ingog bukton kadakua. Bakasi gagmay pa na, pero naay dagko jud. Sauna gud kay di man pahilabtan sa mga tiguwang sauna na kay ma iti ng tubig kay kana may mosubay na kay tawan man ng langob sauna kay kung naa kunu mosud ana mamatay.”</i> <b>Tagatugon 2:</b> <i>“Ang istorya ana bahin sa kasili nga naa sa langob, dili na pahilabtan kay kung kinsa mohilabot ana mamatay. Mao kay mahadlok pod ang mga tawo diri mao dili pod hilabtan kay motoo man jud ta sa mga katiguwangan.”</i>
<b>Bundok ni Elly</b>	Mang Eli (Pangangalaga at Tiwala)	<b>Tagatugon 1:</b> <i>“He owned a fine set of chinaware and he was so generous to let the residents of Manga borrow his chinaware for special occasions, e.g. wedding reception. However, he stopped this practice when his chinaware was returned with one less plate. The borrower, when the chinaware set was in possession, accidentally broke one plate without informing the benevolent hermit.”</i>

Ibig sabihin nito na sa lahat ng pagkakataon kailangan ang pagkakaisa ng bawat tao sa isang komunidad upang mas madali ang paglutas ng mga suliraning makakaharap. Sa buhay, ang isang suliranin ay hindi malulutas ng walang pagtutulungan at pagdadamay ng bawat isa.

Sa pagkabuo ng mga kaisipan naiguhit rin ang larawan batay sa mga salitang ginamit na bumubuo sa teksto. Kailangang bigyan ng larawan ng makata o manunulat an gating malikhaing guni-guni na makatutulong sa pagpukaw sa ating alaala at damdamin. Mahalagang pukawin niya ang mga pandama tulad ng paningin, pandinig, panlasa, pang-amoy at pakiramdam ng mga mambabasa.

Ayon naman kay Tepace at Badayos [5], sa aklat na pinamagatang “Yaman ng Pamana” na ang imahe ay tumutukoy sa mga salitang kapag binabanggit sa isang akda ay nag-iiwan ng malinaw at tiyak na larawan sa isipan ng mambabasa. Ang mga salitang ito ay magpapatalas sa panlasa, pang-amoy, paningin at iba pang persepsyon ng mambabasa. Ang paglalapat ng ganitong uri ng salita ay makapagpapatingkad sa karanasan o katotohanang isinasaad ng akda.

Isinasaad din sa artikulo ni Florman [6], na ang imahen ay anumang uri ng pagsusulat na tumutukoy sa paglalarawan gamit ang wika na pupukaw sa pandama ng tao. Ito ay hindi lamang tumutukoy sa wikang ginamit sa paglalarawan na makikita sa paningin ng isang tao kundi sa lahat ng pandama ng tao. Ang imahe ay mas higit na maipalilitaw sa paggamit ng tayutay tulad ng metapora at pagtutulad ngunit maaari ring maisulat ang imahe na hindi gagamit ng mga matalinghagang salita.

Ang karaniwang imahe na ginagamit sa mga kwento ng alamat ay mga pangngalan na nagtataglay ng mga katangian upang maiugnay sa mga karanasan, kultura at pagpapahalaga ng tao sa kanyang buhay, masasabi na dapat maisaalang-alang ang kahalagahan ng paggamit nito sa pagbuo ng mga kwento dahil naging konkreto at totoo ang larawang mabubuo ng mambabasa sa kabuuang ipinapakita ng kwento. Mahalaga ang paggamit ng mga pangngalan, pang-uri at matalinghagang paglalarawan dahil higit na napapaganda nito ang

mga kwento. Sa kabuuan, ang imahe ay nagbibigay buhay sa kwento at nagsisilbing dahilan kung bakit tatapusin ang pagbabasa nito. Ang paghahabi ng kwento ay ang pagpapakita rin ng mga larawan sa mga pangyayari sa kwento na kung saan sabay na ginagawa ng mga mambabasa ang pagbabasa at panood. Ang pagbibigay ng ganitong karanasan sa mga mambabasa ay ang pagtamo rin ng kanilang layunin kung bakit sila nagbabasa. Nagkaroon ng satisfaksyon ang isang mambabasa kung naiaangkop ng manunulat ang paggamit ng imahe sa pagsulat ng kwento. Walang mabubuong kwento kung walang magagamit na larawan na maglilipat sa abstraktong paggamit ng mga salita tungo sa konkretong larawan ng isang buong kwento.

Ang mga imahe ayon sa larawan ay maikakategorya sa mga puno o halaman, bagay, galaw ng tubig, likas-yaman, tao at ibang nilalang, himig at hayop. Mapapansin na ang mga categoryang ito ay makikita lamang sa kapaligiran. Karaniwan sa mga ito ay bahagi ng kalikasan. Mahihinuha lamang na ang mga lugar ay mayaman sa likas na yaman na kaya nasasalaming ang mga imaheng ito sa kwento ng alamat.

Sa imahe ayon sa pagpapakahulugan naman ay maikakategorya batay sa ambag sa tao, katangian ng tao, ugnayan ng tao, karanasan at kalagayan ng tao. Sa mga imaheng ito ay may nakatagong kahulugan na masasabing malaking kaugnayan sa kung ano ang masasalaming sa kwento ng alamat tulad ng imahe na nagsasaad ng ambag sa buhay ng tao. Mababanaag din ang mga katangian ng tao ng isang lugar kung saan nagmula ang alamat. Makikita rin kung paano naipakita ang ugnayan ng mga tao sa iisang lugar at ang karanasan at kalagayan ng mga ito. Sa pamamagitan ng pagsusuri sa imahe at pagbibigay kahulugan ng mga ito, mas naipakita ang pinakanilalaman ng kwento sa alamat na nagsisilbing repleksyon sa kung ano ang makikita at matutunghayan sa lugar kung saan ang alamat nagmula.

### **Kultura**

Inilalahad sa talahanayan 3, ang kultura at kalinangan ng mga tao sa mga lugar na kung saan nanggaling ang mga piling alamat na mababanaag sa



## Galbo at Largo, Antolohiya ng mga Piling Alamat ng Bohol

pagsusuri ng mga kwentonito. Maipapalitaw sa bahaging ito ang karaniwang kultura na bahagi ng buhay ng isang lahi at sa pamamagitan nito ay maipapakita ang taglay na kakanyahan ng mga Bol-anon. Makikita sa talahanayan ang mga kultura

naisaayos ayon sa iba't ibang kategorya. Ang kultura ay tumutukoy sa paraan ng pamumuhay na nakagawian ng tao o ang mga aktibidad ng sangkatauhan o ng isang lipunan.

### Talahanayan 3 *Kultura*

Alamat	Kategorya ng Kalinangan	Tagatugon
	<ul style="list-style-type: none"> <li>Pamumuhay</li> </ul>	
Lungsod ng Catigbian	Pagsasaka	<p><b>Tagatugon 1:</b> <i>“Buntod unja ginganlan na ug Bunhayag kay mga tag-iya ana gaapilyedo ug Bunhayag. Kanang gibaol bitaw nila ni Rechel”.</i></p> <p><b>Tagatugon 2:</b> <i>“Among activity ani ug Foundation Day maghimo mi ug booth nya mga produkto mga kamote, saging, gabi, mga ngana, balanghoy. Ang panginabuhian ani mao na pag-uma. Pag-uma jud, humay.”</i></p>
Barangay Haguilanan	Pagsasaka	<p><b>Tagatugon 1:</b> <i>“Among activity ani ug Foundation Day maghimo mi ug booth nya mga produkto mga kamote, saging, gabi, mga ngana, balanghoy. Ang panginabuhian ani mao na pag-uma. Pag-uma jud, humay.”</i></p> <p><b>Tagatugon 2:</b> <i>“Mga tawo ani kasagaran na garden o pero kani pong mga batanon nangeskwela man. Kanang pareha ug edad naku o manghod-manhod naku mag garden. Asenso jud nuon sila.”</i></p>
	<ul style="list-style-type: none"> <li>Pakikitungo sa Kapwa</li> </ul>	
Barangay Bool	Pagiging magiliw sa mga bisita	<p><b>Tagatugon 1:</b> <i>“Adunay mga mananakop nga Kastila ang niabot dinhi niining barangay. Nangutana sila sa usa ka nitibo ug unsay ngalan ani nga lugar, tungod kay wala sila nagkasinabot kay kinatsila man lagi wa kasabot ang nitibo.”</i></p> <p><i>“Ang pagsabot sa nitibo sa gisulti sa Katsila unsay ngan sa tanom nga gitudlo sa maong dayo.”</i></p> <p><b>Tagatugon 2:</b> <i>“Hangtud niabot ang mga Kastila, usa kanila ang nangutana ug unsay ngalan ani nga barangay. Ang tawo nga taga-diri, wala kasabot sa gisulti sa Kastila kay lagi lahi man ang lengwahe. Nakaingun siya nga ang pangutana sa Kastila, unsa ang ngalan sa punoan nga iyang gitudlo mao nga nitubag ang laki og “bo-ow”.</i></p>
Barangay Mansasa	Pagiging magiliw sa mga bisita	<p><b>Tagatugon 1:</b> <i>“Unya naguntana siya sa usa ka laki nga taga ani kung nasay pangan sa among lugar pero wala man kasabot ang maong gipangutan-an tungod sa laing pinulungan niini. Abi niya nga ang gipangutana sa Kastila kung unsay iyang gihimo, maong iyang gitubag “nagsasa”.</i></p> <p><b>Tagatugon 2:</b> <i>“Usa ka adlaw, naay tawo nga nidung ani unya nangutana kung unsa ang pangalan aning lugara unya nitubag pod ang nitibo ug “sasa” kay nagsasa man siya ug kawayan adto. Sa kadugayan, nahimong “Mansasa” na ang tawag sa among barangay.”</i></p>
Kasili ng Kwebani Mesias	Pagkakaroon ng “tagbo” o bayanihan	<p><b>Tagatugon 1:</b> <i>“Magatagbo lagi mi pila ka buwan to. Maga basaw ug agong aron modung tanang tawo. Magda ug kabra, hinluan ang lapok-lapok.”</i></p>
	<ul style="list-style-type: none"> <li>Mga Nakaugalian</li> </ul>	
Barangay Manga	Pagpapalitan ng mga produkto o barter	<p><b>Tagatugon 1:</b> <i>“Sa akong pagpuyo diri, ang akong nahibaloan, naay mga Kastila na mianhi diri sa Manga kay makipagbaylo og mga produkto nga naa diri sa among</i></p>

## Galbo at Largo, Antolohiya ng mga Piling Alamat ng Bohol

		<p>lugar. Kay sauna kining lugara daghan ug mga produkto nga ganahan sa mga Kastila.”</p> <p><b>Tagatugon 2.</b> “...mao toy trade center nila, tapukanan naay taga laing lungsod o baryo, magda og mga pagkaon, mga bisag unsa ng klase, utanon mga lagutmon. Karon unja kadtong taga diri nga dagat, taga-Maribojoc, taga-Cortes, Dauis, Panglao, mangabot unya manggidala og isda, murag magbarter kay wala may kwarta sauna.”</p>
<b>Sityo Suwaan</b>	Paggamit ng mga katutubong kagamitan	<p><b>Tagatugon 1:</b> “... Kasagaran nga mangunkon kay mga baji ra man dili man moapil ang mga laki ana ra man sila magsungkit, magbuak, ikunkon sa buhok, isagol adtong tuno sa lubi.”</p> <p><b>Tagatugon 2:</b> “Kanang suwa mao nay shampoo sa mga tiguwang sauna mao nay isagol sa tuno mao na mga sinaw sila ug buhok sauna nya ito.”</p>
<b>Kweba ni Andoy</b>	Pagsasagawa ng ritwal sa pangagamot	<p><b>Tagatugon 1:</b> “Tag-iya sa yuta is si Nong Andoy unya mananambal pod ni siya. Murag ana siya mangayo ug power. Ana siya mokuha ug mga power. Unja ug before siya manambal mosud kuno pod siya didto ja pagkahuman pod mosud na pod siya didto adto siya mangadje...”</p>
<b>Kweba ni San Jose</b>	Pagkakaroon ng panata	<p><b>Tagatugon 1.</b> “...located right after entering the cave that resembles a bowl used to contain holy water in Catholic churches...” For several years now, the cave is being privatized by _____. This is the same person who was nailed to the cross at Elly Hill peak in the 1980’s to the early 1990’s.</p>
<b>Bundok ni Elly</b>	Paniniwala sa pagpapahiram ng pinggan ng ermitanyo sa kweba	<p><b>Tagatugon 1:</b> “Gipanag-iya niya ang mga maanindot nga mga plato ug masinugtanong mupahuwam niini kung adunay espesyal nga okasyon sama sa kasal. Nahunong ang iyang pagpahuwam kay giuli kini nga kuwangan ug usa ka plato tungod kay nabuak kini sa nanghuwam ug wala magpahibalo sa maayong ermitanyo.”</p>

Isa itong patunay na ang lugar ay may kultura ukol sa paniniwala sa mga sinaunang kwento at masasabi rin na mayaman ang lugar sa literatura tulad ng mga sinaunang kwento kasama na rito ang mga alamat. Sa kwento ng alamat naipasa sa iba’t ibang henerasyon ang mga pangyayari noon tulad ng kawalan ng tubig na iniuugnay sa kwento tungkol sa mga pusa na hanggang sa ngayon ay naipreserba pa.

Nagpapahiwatig lamang ito na sa bawat lugar ay may kanya-kanyang mga sinaunang kwento na naisalin sa bawat henerasyon na sumasalamin sa kultura ng mga taong naninirahan dito. Ang mga sinaunang mga kwentong ito ay karaniwang pinaniniwalaan ng mga naninirahan sa lugar sapagkat mababanaag naman dito ang kani-kanilang mga kultura.

Batay naman sa pandaigdigang pananaw, kung paano ilalarawan ang mga tao sa mundo mabibigyan lamang ito ng malalim na paglalarawan at

pagpapakahulugan kung matitiyak ng tao ang pinakapuso ng tinatawag na kultura. Hindi maaaring pag-aralan ang tungkol sa kultura kung hindi iuugnay ang pandaigdigang pananaw na ito. Ayon sa isang Filipino Proverb na “Kung ano ang tanaw ay siyang nakikita, kung ano ang nakikita ay siyang nararamdaman, kung anong nararamdaman ay siyang ginagawa” [7].

Binigyang kahulugan din ni Jocano [7] ang kultura, ayon sa kanya: “*Kultura ay kinapapalooban ng kaalaman, paniniwala, sining, moral, batas, kaugalian at iba pang kakayahan at ugali na nakukuha ng bawat indibidwal sa lipunang kinabibilangan nito.*”

Dagdag pa sa pag-aaral ni Bugash [8], na ang kultura ay tumutukoy sa malawak na kategorya na nagpakilala sa mga paraan ng pamumuhay ng mga tao at kung paano nila kinakatawan ang kanilang mga sarili sa mga partikular na panahon sa kasaysayan. Ang ideya ng kultura ay sumasakop sa moda, isports, arkitektura,

edukasyon, at agham, pati na sa midyang pangmasa. Ang kultura gaya ng mga nobela o mga awit sa iba't ibang punto ng kasaysayan, palaging nagbabago ang kultura kasama rito ang sining paniniwala, mga tradisyon, mga laro, teknolohiya at mga institusyon sa lipunan.

Sa kabuuan, ang kultura ay maikakategorya ayon sa pamumuhay, pakikitungo sa kapwa, at mga nakaugalian na mga gawain. Makikita rin ang kultura na bahagi ng pamumuhay ng mga Bol-anon ang pagsasaka na maaaring ang lupaing sinaka ay sariling pagmamay-ari o maaaring ipinagkatiwala ng may-ari ng lupa sa mga magsasaka. Lumilitaw rin ang pakikitungo sa kapwa tulad ng kulturang pagiging magiliw sa bisita kung saan kilala ang mga Bol-anon lalo na sa pagtanggap ng mga bisita sa kani-kanyang pamamahay.

Masasalamin din ang kulturang paniniwala ng mga Bol-anon sa mga engkanto at diwata lalo na sa mga mysteryosong idinidulot nito. Maliban dito, mababanaag din ang mga nakaugaliang mga kultura tulad ng paniniwala ng mga Bol-anon sa mga kwentong salin-dila na mahihinuha na nagkaroon ng pagpapanatili ng mga panitikan ng lugar isa na rito ang mas karaniwan na salin-dila ay ang kwento tungkol sa pagpapahiram ng isang engkanto o isang ermitanyo ng mga kagamitan. Bahagi rin ng kultura ang pagkakaroon ng pagdiriwang ng piyesta ng mga Bol-anon na masasabing napakahalagang kultura nito na hindi maiwawaglit ng mga Bol-anon at kaugnay nito ang paghahanda ng mga putaheng may kaugnayan din sa kultura. Nailalahad din ang pagtupad sa mga panata na may kaugnayan sa relihiyon, pagsasagawa ng ritwal ng mga manggagamot at ang paggamit pa rin ng mga sinaunang kagamitan na naging bahagi ng kultura na makikita lamang sa kalikasan o sa paligid.

## **NATUKLASAN**

Batay sa ginawang pagsusuri sa mga piling alamat ng Probinsya ng Bohol, natuklasan ng mananaliksik ang mga sumusunod na impormasyon na naging kasagutan sa mga layunin ng pag-aaral.

Sa pinagmulan ng mga piling alamat ng probinsya ng Bohol, natuklasan na ang kaligiran ng pagkabuo ng mga alamat ay naikakategorya ayon sa pangalan ng puno o halaman, nakapangalan sa may-ari o nakatira at simbahan, karanasan sa pangyayari, katangian o galaw ng tubig at kagamitan o bagay.

Ang imahe o larawan na makikita sa alamat ay naikakategorya sa puno o halaman, bagay, galaw ng tubig, likas-yaman, tao at ibang nilalang, himig at hayop. Ang pagpapakahulugan ng mga larawang ito ay naikakategorya naman ayon sa ambag ng tao, katangian ng tao, ugnayan ng tao at karanasan at kalagayan ng tao. Natuklasan din na may mababanaag na kultura at naikakategorya ayon sa pamumuhay, pakikitungo sa kapwa at mga nakaugalian.

## **KONGKLUSYON**

Batay sa natuklasan ng isinagawang pagsusuri, ang mga piling alamat ng Probinsya ng Bohol ay mabisang gamitin bilang kagamitang panglokal sa pagtuturo ng panitikan upang maibahagi sa kamalayan at mapahalagahan ng mga estudyante ang mga nasuri at naikategoryang pinagmulan, imahe at kultura sa mga alamat ay makatutulong sa mga tao sa isang lipunan na maiangat ang sarili nitong pagkakakilanlan tulad ng mga Bol-anon.

## **REKOMENDASYON**

Batay sa kinalabasan ng pag-aaral ay nirekomenda ang mga sumusunod: palawigin pa ang pangangalap ng mga piling alamat ng lokalidad at bigyang-pansin ang kategorya ng pinagmulan na magagamit sa kontekstwalisasyon at lokalisasyon na pagtuturo, Linangin pa ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbibigay interpretasyon sa mga imahe na matatagpuan sa mga alamat literal at di-literal na pagpapakahulugan at Pagpapalawak sa pagsusuri sa mga kulturang matatagpuan sa mga alamat na makatutulong sa mga mag-aaral na maiangat ang sariling pagkakilanlan.

## **Sanggunian**

- [1] Eslit, E. R. (2012). Philippine folklore forms: an analysis. Researchgate Publication.

- [2] Mendoza, P. (2004), The new english-filipino dictionary millennium edition, Manila: Mecs Publishing House.
- [3] Calderon, S. (2019) Diccionario ingles-filipino dictionary millennium edition: Intramuros
- [4] Blake, B. (2019), English vocabulary today. Biblio.com
- [5] Tepace at Badayos P. B. (2010), Yaman ng pamana, (wika at panitikan). Quezon City: Vibal Publishing House
- [6] Florman, B. (2017). Imagery definition.= Retrieved from: <https://www.litcharts.com>  
Petsa: Oktubre 26, 2019.
- [7] Jocano, F. L. (2001). Filipino Worldview: Ethnography of Local Knowledge. Quezon City: Punlad Research House, Inc.
- [8] Bugash, R. R. T. (2017). Kasanayan sa pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga akdang pampanitikan ng mga piling bansa sa mediterranean. Holy Name University, Tagbilaran City.

**COPYRIGHTS**

Copyright of this article is retained by the author/s, with first publication rights granted to APJMSD. This is an open-access article distributed under the terms and conditions of the Creative Commons Attribution license (<http://creativecommons.org/licenses/by/4>).

